**MGA MAHALAGANG SALIK PARA SA PAGBABAWI NG BUHAY-EKKLESIA**

(Sabado—Ikalawang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Lima

# Ang Salik ng Tunay na Isang Puso't Kaisipan

Babasahin sa Kasulatan: Gawa 1:14; 2:46; 4:24; 5:12; 15:25; Roma 15:6

**I. Ang tunay na isang puso't kaisipan sa ekklesia ay ang pagsasagawa ng kaisahan ng Katawan, na siyang kaisahan ng Espiritu—Efe. 4:3-6:**

A. Mula sa Efeso 4:4-6 ay makikita natin na ang ating pagsasagawa ng kaisahan ay batay sa katangian ng kaisahan ng ekklesia: isang Espiritu, isang Panginoon, isang Diyos, isang Katawan, isang pananampalataya, isang bautismo, at isang pag-asa.

B. Ang pagsasagawa ng tunay na isang puso't kaisipan sa ekklesia ay ang pag-aaplay ng kaisahan—Gawa 1:14; 2:46.

C. Ang pagsasagawa ng kaisahan ay sa pamamagitan ng isang puso't kaisipan; kapag ang kaisahan ay naisagawa, ito ay nagiging isang puso't kaisipan—15:25:

1. Sa Juan ay binigyang-diin ng Panginoon ang kaisahan, subalit sa Mga Gawa ang isang puso't kaisahan ay binigyang-diin—Juan 10:30; 17:11, 21-23; Gawa 1:14; 2:46; 4:24; 15:25.

2. Ang palatandaan na naghihiwalay sa mga Ebanghelyo at sa Mga Gawa ay ang isang puso't kaisahan sa gitna ng sandaan at dalawampu—1:14:

a. Sila ay naging isa sa Katawan, at sa kaisahang iyon ay nagpatuloy silang matibay na may isang puso't kaisipan sa pananalangin—Efe. 4:3-6; Gawa 1:14.

b. Nang isinagawa ng mga apostol at mga mananampalataya ang buhay-ekklesia, isinagawa nila ito sa isang puso't kaisipan—2:46; 4:24; 5:12.

D. Ang isang puso't kaisipan ay ang puso, ang pinakalaman, ang nukleo ng kaisahan—Efe. 4:3; Gawa 4:24; Roma 15:6:

1. Ang kaisahan ay tulad ng pisikal na katawan, at ang isang puso't kaisipan ay tulad ng puso sa loob ng katawan.

2. Ang ating espiritwal na karamdaman ay tulad ng karamdaman sa puso sa loob ng katawan; ang karamdaman sa gitna natin ay yaong wala tayong sapat na isang puso't kaisipan, at sa gayon ay pinananatili natin ang kaisahan taglay ang "pusong" may karamdaman.

**II. Ang isang puso't kaisipan ay tumutukoy sa pagkakatugma sa ating panloob na katauhan, sa ating kaisipan at pagpapasya—Gawa 1:14:**

A. Sa Mga Gawa 1:14 ang salitang Griyegong *homothumadon* ay ginamit upang ipakahulugan ang isang puso't kaisipan:

1. Ang salita ay nagmula sa *homo*, "pareho," at *thumos*, "kaisipan, pagpapasya, layon (kaluluwa, puso)" at nagpapahiwatig ng isang pagkakatugma ng panloob na damdamin sa buong katauhan ng isang tao.

2. Dapat tayong maging nasa parehong kaisipan at parehong pagpapasya na may parehong layunin sa palibot at sa loob ng ating kaluluwa at puso; nangangahulugan ito na may kinalaman ang ating buong katauhan.

B. Sa Mateo 18:19 ang salitang Griyegong *sumphoneo* ay ginamit upang ipakahulugan ang isang puso't kaisipan:
   1. Ang salita ay nangangahulugang "mapasapagkakatugma, o puso't kaisipan" at tumutukoy sa magkakatugmang tunog ng mga pangmusikang instrumento o mga tinig.
   2. Ang isang puso't kaisipan, o ang pagkakatugma ng panloob na damdamin sa gitna ng mga mananampalataya, ay tulad ng isang magkakatugmang himig.
   3. Kapag mayroon tayong isang puso't kaisipan, tayo ay nagiging isang himig sa Diyos; tayo ay nagiging isang tula hindi lamang sa pagsulat bagkus sa tunog, sa tinig, sa himig.

**III. Ang tumatangan na salik ng isang puso't kaisipan ay ang pagtuturo ng mga apostol—Gawa 2:42, 46:**

A. Ang pagsasagawa ng kaisahan—ang isang puso't kaisipan—ay ayon sa pagtuturo ng mga apostol—b. 42.

B. Sinasabi sa atin ng Mga Gawa na mayroong isang puso't kaisipan sa gitna ng mga mananampalataya at lahat niyaong nasa isang puso't kaisipan ay nagpatuloy nang matibay sa pagtuturo ng mga apostol.

C. Itinuro ng mga apostol ang parehong bagay sa lahat ng banal sa lahat ng dako at sa lahat ng ekklesia—1 Cor. 4:17; 7:17; 11:16; 14:33b-34:
   1. Dapat nating ituro ang parehong bagay sa lahat ng ekklesia sa bawat bansa sa buong mundo—Mat. 28:19-20.
   2. Walang kaisipan sa Bagong Tipan na ang isang pagtuturo ay mabuti para sa isang ekklesia subalit hindi para sa ibang ekklesia; sa halip, inihahayag ng Bagong Tipan na lahat ng ekklesia ay pareho sa pagtanggap ng mga pagtuturo—Tito 1:9.

**IV. Kapag isinasagawa natin ang isang puso't kaisipan, dapat nating matutuhang mapasaisang espiritu na may isang kaluluwa—Fil. 1:27:**

A. Kailangan nating bumaling sa ating espiritu at sa gayon ay pumasok sa ating kaluluwa na may isang espiritu upang tayo ay mapasaisang puso't kaisipan—2:2, 5; 4:2.

B. Kung nais nating mataglay ang salik ng tunay na isang puso't kaisipan, kailangan nating "maging magkakatugma sa parehong kaisipan at sa parehong opinyon"—1 Cor. 1:10; 7:25, 40:
   1. Ang suliranin sa buhay ekklesia-lokal na naglalayo sa atin sa pagkatanto ng isang puso't kaisipan ay ang ating opinyon—Mat. 16:22-25; Fil. 2:2; 4:2.
   2. Sa gawain ng Panginoon, sa buhay-ekklesia, at sa espiritwal na buhay, ang pinakamalaking sumisirang salik ay ang ating opinyon—1 Cor. 1:10-13a.
   3. Ang mga opinion ay isang tanda ng kadiliman (Juan 11:9-10); sa tuwing inihahayag natin ang isang opinyon na laban sa kalooban ng Panginoon, ang opinyong iyon ay nagpapahiwatig na lumalakad tayo sa kadiliman.
   4. Hindi kailanman kumikilos ang Panginoon batay sa kaninumang opinyon; lagi Siyang kumikilos ayon sa Kanyang sariling kalooban, at hindi Siya kailanman mapakikilos ayon sa ating opinyon, kabilang ang isang panalanging ayon sa ating opinyon—1 Juan 5:14-15.

C. Ang mapasaisang puso't kaisipan ay ang maging isa sa ating buong katauhan, at nagreresulta ito sa ating pagiging isa sa ating panlabas na pagsasalita—Roma 15:5-6:

1. Ang magkaroon ng isang kaisipan at isang bibig ay nangangahulugang mayroon lamang tayong isang Ulo—si Kristo—sapagkat tanging ang Ulo ang may kaisipan at bibig; dapat tayong mag-isip sa pamamagitan ng kaisipan ni Kristo at magsalita sa pamamagitan ng bibig ng Ulo—Col. 1:18a; Fil. 2:2, 5; 4:2.
2. Sa tuwing tayo ay nasa isang puso't kaisipan, nagsasalita tayo ng parehong bagay; nagsasalita tayo na may isang bibig.
3. Ang tanging paraan upang mapasaisang puso't kaisipan at isang bibig ay ang bigyan si Kristo ng puwang upang maging lahat-lahat sa ating puso at sa ating bibig upang ang Diyos ay maluwalhati—Efe. 3:17a, 21.

**V. Ang isang puso't kaisipan ay ang pinakasusi sa bawat pagpapala sa Bagong Tipan—Gawa 1:14; Efe. 1:3; Roma 15:29:**

A. Kailangan nating pahalagahan ang pagpapala ng Diyos at matanto na sa buhay-ekklesia ang lahat ng bagay ay nakadepende sa pagpapala ng Diyos—Efe. 1:3.

B. Ninanais nating lahat na makita ang mga ekklesia na tumatanggap ng iniutos na pagpapala ng Diyos—Awit 133:3.

C. Sa ating pagsasagawa ng buhay-ekklesia, kailangan nating malaman ang paraan upang ang ekklesia ay mapasailalim sa "kapuspusan ng pagpapala ni Kristo"—Roma 15:29:

1. Napakahalagang matanto natin na ang pagpapala ng Diyos ay maaari lamang dumating sa sitwasyon ng isang puso't kaisipan; sapagkat pagpapalain lamang ng Diyos ang isang puso't kaisipan—Gawa 2:46.
2. Upang matanggap ang pagpapala ng Diyos, dapat nating isagawa ang kaisahan, at ang paraan upang isagawa ang kaisahan ay sa pamamagitan ng isang puso't kaisipan—4:24; 15:25; Roma 15:6.

*© 2021 Living Stream Ministry*